| | | | |
|---|---|---|---|
| **ASIGNATURA:** | Edukasyon sa Pagpapakatao | **BAITANG:** | 8 |
| **MARKAHAN:** | Una | **PANGKAT:** | |
| **PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang natural na institusyon ng lipunan. | **CODE:** | |

**I. PANUTO: Basahin at unawain ang tula. Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.**

**Ang aking Pamilya**

*Tula ni Julie Ann F. Rosario*

Sa mundong ito, simula nang ako'y mabuhay,
Ang mga magulang ko ang aking taga gabay.
Sa mundong puno ng lungkot at problema,
Hindi nila ko hinayaang mag-isa at walang kasama.

Sa loob ng labing-anim na pagkabuhay ko sa mundo,
Nagpapasalamat ako sa mga magulang ko.
Mula sa araw ng aking pagsilang, sila'y nasa tabi.
Hindi nila ko hinayaan hanggang sa ako'y lumaki

Laking pasasalamat ko sa kanilang pag-aalaga
Pagkat ako'y lumaki nang maayos at may kwenta.
Kapag may problema, laging nariyan para umalala
Dahil sa ako'y mahal at anak nila.

Bilang isang anak, hindi man ako perpekto.
Ayos lang dahil sila nama'y mahal ko.
Hindi ko man ipakita ang pagmamahal na ito
Alam kong nararamdaman ito ng kanilang puso.

Salamat sa inyo, aking ama't ina.
Sa walang sawa niyong pagsuporta.
Alay ko sa inyo ang matatanggap na medalya,
Kapalit ng inyong maayos na pag-aaruga.

1. Ano ang pangunahing tema ng tula?
   A. Pagmamahal ng isang magulang sa kaniyang anak
   B. Pasasalamat ng isang anak sa kaniyang magulang
   C. Pagbibigay ng tulong ng isang anak sa kaniyang ina

D. Pagpapaalam ng isang mabuting anak na pupunta sa malayong lugar

2. Pinatutunayan sa tula na ang pamilya ay isang konkretong pagpapahayag ng positibong aspekto ng pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng kawanggawa, kabutihang loob, at paggalang o pagsunod. Ito ay ayon kay ____.
   A. Dr. Manuel Dy
   B. J. De Torre
   C. Jesse Robredo
   D. Pieraangelo Alejo

3. Maayos ba ang pagpapalaki kay Julie Ann ng kaniyang mga magulang? Bakit?
   A. Hindi, sapagkat marami siyang naging pagkakamali
   B. Hindi, dahil nagasawa siya nang maaga
   C. Oo, dahil marunong itong magpasalamat sa mga magulang
   D. Oo, dahil nagkamit ito ng medalya noong siya ay nagtapos

4. Ano ang likas na dahilan kung bakit itinuturing ang kapamilya bilang parang sarili, may dignidad at may karapatang mahalin?
   A. ugnayang dugo
   B. pananagutan
   C. romantikong pagmamahal
   D. materyal na pangangailangan

5. Sinasabi na ang pamilya ay isang kongkretong pagpapahayag ng positibong aspekto ng pagmamahal sa kapwa. Paano ito ipinapakita ng may-akda ng tula?
   A. sa pamamagitan ng pagsunod sa batas ng lipunan
   B. sa pamamagitan ng paggalang sa karapatang pantaos
   C. a pamamagitan ng paggalang at pagsunod sa magulang
   D. sa pamamagitan ng pagbibigay ng malaking abuloy sa simbahan

**II. PANUTO: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.**

6. Ipinaliliwanag ng iyong mga magulang na nararapat na ang pamilya ay tulad ng isang walis tingting upang maitaguyod ang bawat pangangailangan sa pamliya. Ano ang ibig sabihin nito?
   A. Kailangang magkaisa sa ikauunlad ng pamilya.
   B. Kailangang panatilihin ang kalinisan sa tahanan.
   C. Kailangang magkaisa para matutong mamuhay mag-isa.
   D. Kailangan gumawa at magsikap upang umasenso ang pamilya.

7. Bahagi ng buhay ng isang lalaki at babae na nagpasyang magpakasal ang magkaroon ng mga anak. Ito ay ____.
   A. makapagpapatatag sa ugnayan ng mag-asawa.
   B. bunga ng kanilang pagtugon sa tawag ng Diyos na magmahalan.
   C. pagtugon sa kagustuhan ng Diyos na maparami ang tao sa mundo.
   D. susubok sa kanilang kakayahan na ipakita ang kanilang pananagutan bilang magulang.

8. Itinuturing na pangunahing guro ng mga anak ang kanilang mga magulang dahil _____________.
   A. tutularan ng mga anak ang kanilang ipinakikitang kilos at gawi.
   B. sila ang magsasanay sa mga anak sa pagmamahal sa pag-aaral at kaalaman.

C. sa kanila nakasalalay ang pundasyon ng mga anak sa kaalamang kanilang makukuha sa paaralan.
D. kasabay ng pagkakaroon ng karapatan ng mga anak sa edukasyon ang pagkakaroon ng karapatan ng magulang na sila ay turuan.

9. Ano ang kahulugan ng kasabihang "A family that eats together, stays together"?
A. Nabubuo ang pamilya kapag kumain nang sama-sama.
B. Nagsasama-sama lamang ang pamilya sa hapagkainan.
C. Mas masarap magkuwentuhan kapag sama-samang kumain.
D. Ang pagkain nang sama-sama ay tanda ng pagkakabuklod-buklod ng bawat miyembro nito.

10. Sino sa mga sumusunod na magulang ang tunay na gumaganap ng kanilang tungkulin sa kanilang mga anak?
A. Sina Lex at Rosa na nagpaplano at nagpapasya para sa katiyakan ng magandang buhay para sa kanilang mga anak.
B. Sina Joseph at Marie na pinag-aaral ang kanilang mga anak sa mamahaling unibersidad upang matiyak ang magandang buhay para sa kanilang hinaharap.
C. Sina Alex at Melissa na namumuhay nang simple kasama ang mga anak at katuwang ng mga ito sa kanilang mga gawain, pangangailangan at gumagabay sa kanila sa mundong kanilang gagalawan lalo na sa hinaharap.
D. Sina Ian at Lei na parehong nagsasakripisyo na magtrabaho sa ibang bansa upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga anak, tinitiis ang hirap sa kalooban ng kanilang pagiging malayo sa kanilang pamilya.

11. Sino sa mga ito ang nagpapakita ng magandang halimbawa ng pagsasabuhay ng magandang natutunan sa loob ng tahanan?
I. Iginagalang ni Mona ang lahat ng kanyang mga guro at kaklase.
II. Pinapangalagaan ni Minda ang kaniyang mga gamit upang hindi madaling masira.
III. Isinasauli ni Janice sa may-ari ang bawat bagay na napupulot niya sa loob ng paaralan.
IV. Bawat butil ng bigas ay mahalaga para kay Addy kaya inuubos niya ang kanin sa kaniyang plato.

A. I,II,III B. I, II C. I,III,IV D. I,II,III,IV

12. Napangaralan ka ng iyong mga magulang dahil sa nagawa mong paglabag sa patakaran ng paaralan. Di maiiwasan na makaramdaman ka ng pagtatampo sa kanila. Marapat na gawin mo ang mga sumusunod, MALIBAN sa __________________.
A. Palalamigin ang sitwasyon at patutunayan sa magulang na nagbago ka na.
B. Gagawa ng liham sa mga magulang na nagsasaad ng iyong pagsisisi sa nangyari.
C. Makikitira muna sa kaibigan dahil mas naiintindihan ka ng mga magulang ng kaibigan mo.
D. Lumapit sa magulang, humingi ng paumanhin at mangakong hindi na mauulit ang nangyari.

13. Sinasabing ang karapatan para sa edukasyon ng mga bata ay orihinal at pangunahing karapatan. Sino sa mga sumusunod ang nagpapakita nito?
I. Isang kahig isang tuka kung ituring ang pamilyang Gaspar subalit di pinababayaan ng mga anak ang pagpasok sa eskwela.

II. Dahil sa sobrang kahirapan, hindi na pinag-aral nila Mang Nicasio at Aling Remy ang kanilang mga anak.
III. Laging nangunguna sa klase si Bing pati ang kaniyang tatlong kapatid.
IV. Tinuturuan ni Aling Minda ang kaniyang mga anak sa kanilang mga takdang -aralin.

A. I, IV  B. I,II,III  C. I,III, IV  D. I,II